# Ang Paninikluhod Yugto 6

Ang Banal na Kasulatan ay naglalaman ng higit tungkol sa paninikluhod bilang makahulugang nakadapang postura sa pamamagitan sa harapan ng Panginoon.

26- "1 At ang buong kapisanan ay naglakas ng kanilang tinig, at humiyaw; at ang bayan ay umiyak ng gabing yaon. 2 At inupasala ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises at si Aaron: at sinabi sa kanila ng buong kapisanan, Nangamatay na sana tayo sa lupain ng Egipto! o kaya'y nangamatay na sana tayo sa ilang na ito! 3 At bakit kaya tayo dinala ng Panginoon sa lupaing ito, upang tayo'y mabuwal sa tabak? Ang ating mga asawa at ang ating mga anak ay magiging mga huli: hindi ba magaling sa atin na tayo'y magbalik sa Egipto? 4 At nagsangusapan sila, Tayo'y maglagay ng isang kapitan at tayo'y magbalik sa Egipto." (Mga Bilang 14:1-4) Nang ang mga namumuno ay siniyasat ang lupain ay nagdala ng masamang balita at pagkadismaya sa mga tao, ang mga tao ay nais bumalik sa Egipto, dahil akala nila na sila'y mamatay sa tabak kung kanilang aariin ang Lupain. Gugustuhin nilang mamatay sa Egipto o sa ilang kaysa sa kanila at kanilang mga asawa at mga anak ay mamatay sa tabak sa lupain ng Canaan. Sa ilang panahon kapag ikaw o ginawa natin ang tama at kung ano ang nais sa iyo ng Diyos o gustong gawin natin sa mga tao ay maaring hindi maunawaan yaon, at gumanti at magwala at magsimulang gawin ang isang bagay na labag sa Diyos, at ipinahintulot ng Panginoon ang ganoong pangyayari upang maganap, upang ang nasa loob ng mga tao ay malantad at ang kanilang totoong kulay ay makita.

At ano ang maari nating gawin para sa ganoon kapag ang mga bagay ay wala sa kontrol. "5 Nang magkagayon, si Moises at si Aaron ay nagpatirapa sa harap ng buong kapulungan na kapisanan ng mga anak ni Israel." (Mga Bilang 14:5) Sila'y nagpatirapa sa harap ng buong kapisanan, sa harap ng Diyos, at sila'y walang ginawa kundi manalangin sa Diyos at upang mamagitan para sa mga tao na nagwawala at simulang gumawa ng masama laban sa Diyos at laban sa kanila. Sa ganoong mga kalagayan kapag ang mga tao ay nagagalit sa mga bagay na may ginagawa ang Diyos sa ating kalagitnaan, sa gayon walang mauuna sa atin na maari nating gawin kundi magpakababa at dumapa sa harap ng Diyos at hilingin sa Kanya para makialam. Si Moises at Aaron ay hindi nagpatirapa sa pagsuko sa mga tao, kundi sa pagsuko sa Diyos at sa Kanyang kalooban. Tayo sa parehong paraan, kapag tayo'y humaharap sa ganoong mga pangyayari, dapat nating isuko sa Diyos at sa Kanyang kalooban.

"6 At hinapak ni Josue na anak ni Nun, at ni Caleb na anak ni Jephone, na mga kasamang tumiktik sa lupain, ang kanilang mga suot: 7 At sinalita nila sa buong kapisanan ng mga anak ni Israel, na sinasabi, Ang lupain na aming dinaanan upang tiktikan ay isang napakainam na lupain. 8 Kung kalulugdan tayo ng Panginoon ay dadalhin nga niya tayo sa lupaing yaon, at ibibigay niya sa atin; na yao'y lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 9 Huwag lamang kayong manghimagsik laban sa Panginoon, ni matakot sa bayan ng lupaing yaon, sapagka't sila'y tinapay sa atin; ang kaniyang kalinga ay inilayo sa kanila, at ang Panginoon ay sumasaatin: huwag kayong matakot sa kanila." (Mga Bilang 14:6-9) Habang si Moises at si Aaron ay nagpatirapa sa harap ng Panginoon, ginamit ng Diyos si Joshue at Caleb upang salitain sa kapisanan at ipaliwanag sa kanila na ang lupa ay mabuti at ang Diyos ay handang ibigay sa kanila, at sila'y hindi dapat matakot, sapagka't sila'y hindi mamatay sa tabak, dahil ang Diyos Mismo ang magdadala sa kanila papunta sa lupain. Ang kinakailangan lamang nilang gawin ay huwag maghimagsik laban sa Panginoon at kailangan nilang magtiwala sa Kanya at huwag matakot sa mga tao. Sa parehong paraan, habang tayong nagpapatirapa sa harap ng Panginoon at isinuko ang ating buhay at ating kalagayan sa harap Niya sa gayon siya ay may itatayo mga tao upang magsalita sa Panginoon at ipaliwanag sa mga tao na ang ating ginagawa ay tama at tutuparin ng Diyos yaon ngunit kailangan nilang sumunod sa Diyos, na huwag maghimagsik kundi magtiwala sa Diyos na Kanyang tutuparin ang Kanyang ipinangako sa kanila.

"10 Datapuwa't tinangka ng buong kapisanan na pagbatuhanan sila. At ang kaluwalhatian ng Panginoon ay lumitaw sa tabernakulo ng kapisanan sa lahat ng mga anak ni Israel.11 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Hanggang kailan hahamakin ako ng bayang ito? at hanggang kailan hindi sila mananampalataya sa akin, sa lahat ng mga tanda na aking ginawa sa kanila? 12 Aking sasaktan sila ng salot, at hindi ko sila pamamanahan at gagawin kita na isang bansang malaki at matibay kay sa kanila." (Mga Bilang 14:10-12) Ang mga tao ay nagpatuloy na nagwala at gusto silang pagbatuhin alinmang batuhin si Moises at si Aaron o si Caleb at si Joshue. Ang ministerio ng simbahan at ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay maaaring humantong tayo sa mga ganitong sitwasyon sa mga nagwawalang mga tao at hindi nangatatakot sa Diyos at walang dahilan para sa lahat ng paliwanag na ginawa natin mula sa ipinaliwanag sa kanila at upang ipakita ang kalooban ng Diyos. Habang sina Moises at si Aaron ay naninikluhod, ang Diyos ay dumating, lumitaw at ipinakita ang Kanyang sarili sa gitna ng ganoong sitwasyon, at sinalita kay Moises na gusto niyang tapusin ang kanilang buhay sa pamamgitan ng mga salot, at kunin sila palabas sa buhay ng kapisanan. Sila'y matitigas ang ulo sa kabila ng lahat ng mga himala na ginawa ng Diyos sa kanila. Kaya't ang Diyos ay nagpasya sa ganoon na huwag pamanahan, (alisin sila palabas sa Kanyang kapulungan, at kapareho niyon aalisin Niya palabas mula sa simbahan ng Bagong Testamento), at pangako na pararamihin Niya si Moises at gagawin mula sa kanya ang isang dakilang bansa at mas malakas kaysa sa kanila. Sa parehong paraan kapag tayo'y humaharap sa kakila kilabot na mga sitwasyon sa pananalangin at kahilingan ang Diyos ay pupunta sa atin na may ganoong pagpapahayag.

1.Nakatitiyak na mensahe na kaya Niya at haharapin Niya ang mga tao na gumawa ng masama at ayaw magsisi; na poprotektahan Niya tayo sa pagkuha sa atin palabas ng simbahan at mawawala sa kanila ang kaligtasan. Isipin na kanilang pagbabatuhin ang piling mga pinuno sina Moises, Aaron, Caleb at Joshue.
2. Ang katarungan ng mensahe ng Diyos. Ang ganoong uri ng mensahe na kapag ating natanggap ay masakit sapagka't ang mga tao ay magtatapos sa impierno, ang ating simbahan at ang ating ministerio ay maapektuhan dahil ang mga tao ay aalisin, ngunit yaon ang katarungan ng Diyos dahil sila'y hindi handang tumalima sa Salita at kalooban ng Diyos, at sila'y hindi makakasama natin sa kawalang-hanggan.

3. Nakakaginhawang mensahe na magpapalago sa atin at pararamihin tayo at pagpapalain ang ating pamilya gaya ng ipinangako Niya na pagpapaalin ang pamilya ni Moises.
4. Sa gayon patuloy tayong manalangin at mamagitan sa ngalan ng mga taong umalis sa mga paraan ng Diyos.

"13 At sinabi ni Moises sa Panginoon, Kung gayo'y mababalitaan ng mga taga Egipto; sapagka't isinampa mo ang bayang ito ng iyong kapangyarihan sa gitna nila; 14 At kanilang sasaysayin sa mga tumatahan sa lupaing ito. Kanilang nabalitaan na ikaw Panginoon, ay nasa gitna ng bayang ito; sapagka't ikaw Panginoon, ay napakita ng mukhaan, at ang iyong ulap ay nakatindig sa ibabaw ng mga yaon, at ikaw ay nangunguna sa kanila, sa isang haliging ulap sa araw, at sa isang haliging apoy sa gabi. 15 Kung iyong papatayin nga ang bayang ito na parang isang tao, ay magsasalita nga ang mga bansang nakabalita ng iyong kabantugan na sasabihin, 16 Sapagka't hindi madadala ng Panginoon ang bayang ito sa lupain, na kaniyang isinumpa sa kanila, kaya't kaniyang pinatay sila sa ilang." (Mga Bilang 14:13-16) Dito si Moises ay nagsimulang mamagitan ng higit at sinabi sa Diyos sa mga taong nakapalibot, ang mga hindi mananampalataya mga bansa ay sasabihin at saysayin ang tungkol sa ating Diyos, kung Kanyang papatayin ang mga naghimagsik sa loob ng isang araw, na hindi Niya madadala sila sa Lupang Pangako at sa gayo'y kanilang mapapagpasyahan na Siya ay hindi makapangyarihang Diyos. Iyon din ay tama na kapag ang mga tao ay umalis sa simbahan sa gayon ang hindi mananampalataya ay iispin na ating Diyos ay isang Diyos na hindi kaya sapagka't ang sukat ng simbahan ay mas maliit at dahil dito ang kanilang diyos ay mas malakas kaysa sa ating Diyos. Kaya ito ay panibagong dahilan para sa atin upang kailangan nating mamagitan at patuloy na manalangin para sa mga umalis sa daan na isaalang-alang ng Diyos ang ganoong dahilan.

Kaya si Moises ay nagpatuloy na mamagitan sa harap ng Panginoon.

"17 At ngayon, idinadalangin ko sa iyo, na itulot mo na ang kapangyarihan ng Panginoon ay maging dakila, ayon sa iyong sinalita, na sinasabi," (Mga Bilang 14:17) Hiniling ni Moises dito na itulot ang Kanyang kapangyarihan, na gagawa Siya ng isang bagay na ang mga bansang nakapalibot sa kanila ay hindi iisipin na ang kanilang Diyos ay hindi makapangyarihang Diyos. Si Moises ay hindi sumasang-ayon na ang mga tao ay nagkakasala laban sa Diyos, ngunit hindi niya gusto ang pagkilos ng Diyos na makita bilang kahinaan sa buhay ng kapulungan. Sa gayon, sa parehong paraan, kailangan nating huwag sumangayon sa mga tao upang magkasala laban sa Diyos, huwag sumangayon sa kanilang kasalanan, kundi kailangan nating manalangin na ang pagkilos ng Diyos ay hindi makita bilang kahinaan sa buhay ng simbahan.

"18 Ang Panginoon ay banayad sa pagkagalit at sagana sa kaawaan, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalangsang; at sa anomang paraan ay hindi aariing walang muang ang may sala, na dinadalaw ang kasamaan ng mga ama sa mga anak sa ikatlo at sa ikaapat na salin ng lahi." (Mga Bilang 14:18) Si Moises ay nagsimula habang siya nasa pagpapatirapang posisyon para manalangin, at para mamagitan sa harap ng Diyos sa ngalan ng mga tao. Sinabi niya sa Diyos na Siya ang Diyos na banayad sa pagkagalit tinitiis ang lahat ang mga tao, at may dakilang kaawaan sa kanila, pinapatawad ang kanilang mga kasalanan, at mga paglabag, binibigyan ng isa pang pagkakataon na magsisi, ganon din binanggit ni Moises na hindi aariing walang muang ang may sala, kundi haharapin sila, at patuloy na dadalawin ang mga kasalanan ng mga ama na nagbahagi ng kanilang kasalanan sa kanilang mga anak hanggang sa ikatlo at ika apat na saling lahi. Ang kasalanan ng magulang ay tutularan ng mga anak, sa gayon sila rin ay parurusahan para doon. Kaya dito sa parehong paraan, kailangan nating manalangin at mamagitan sa ganoong sitwasyon saysayin sa Diyos na Siya ay banayad sa pagkagalit, maawain, mapagpatawad ngunit ganon din kailangan din nating sumangayon sa Kanya na Siya ang Diyos na hindi hahayaan ang nagkasala ay hindi maparusahan.

"19 Ipatawad mo, isinasamo ko sa iyo, ang kasamaan ng bayang ito ayon sa kalakhan ng iyong kaawaan, at ayon sa iyong pagkapatawad sa bayang ito, mula sa Egipto hanggang ngayon." (Mga Bilang 14:19) Si Moises ay patuloy na nagsumamo sa sitwasyon sa Panginoon upang ipagpatawad ayon sa Kanyang kaawaan at bigyan sila ng pagkakataon upang magsisi, sa lahat ng pagsasaalang alang na ating tinalakay sa itaas. Sa parehong paraan kailangan nating patuloy na manalangin sa parehong kaunawaan na ating tinalakay sa itaas sa naunang mga bersekulo, sapagka't iyon ang kalooban ng Diyos.

"20 At sinabi ng Panginoon, Aking pinatawad ayon sa iyong salita: " (Mga Bilang 14:20) Sinangayunan ng Diyos ang paraan ng pananalangin ni Moises dahil iyon ay kapareho sa kaisipan ng Diyos at sa Salita ng Diyos at sa kalooban ng Diyos. Ang layunin ni Moises na mamagitan sa Panginoon ay upang patawarin ang mga tao at huwag ilagay ang mga tao sa kamatayan sa loob ng isang araw, pag alis ng walang buhay sa kapisanan, at ang Panginoon ay tinanggap ang panalangin at pamamagitan ni Moises. Sa parehong paraan, dapat tayong magpatuloy sa ating pananalangin nakapaloob sa Salita ng Diyos at sa Kanyang kalooban gaya ng ginawa ni Moises.

"21 Nguni't tunay, na kung paanong ako'y buhay at kung paanong mapupuspos ng kaluwalhatian ng Panginoon ang buong lupa:" (Mga Bilang 14:21) Ang kaluwalhatian ng Diyos ay ang kaawaan ng Diyos, ang banayad sa pagkagalit ng Diyos, ang mapagmahal na kabutihan ng Diyos sa pagbibigay ng panibagong pagkakataon, at ganon din ang paghatol ng Diyos sa mga makasalanan na tumanggi ng magsisi at patuloy na hindi nagbabago sa kanilang mga daan sa harap ng Diyos gaya ng ating mababasa rito:

"22 Sapagka't ang lahat ng taong yaon na nakakita ng aking kaluwalhatian at ng aking mga tanda, na aking ginawa sa Egipto at sa ilang ay tinukso pa rin ako nitong makasangpu, at hindi dininig ang aking tinig; 23 Tunay na hindi nila makikita ang lupain na aking isinumpa sa kanilang mga magulang, ni sinoman sa kanila na humamak sa akin ay hindi makakakita:" (Mga Bilang 14:22-23) Dito ang Panginoon ay ipinahayag ang Kanyang paghatol sa mga nagkasala laban sa Kanya, na hindi pahihintulotan sila na makapasok sa Lupang Pangako. Sa mga nakakita ng Kanyang kaluwalhatian at ng himala na ginawa sa Egipto at sa ilang, at nalasap ang Kanyang kabutihan, ngunit sa kabila noon ay tinukso nila Siya upang hatulan sila sa pagkakasala laban sa Kanya ng makasampunh beses at hindi tumugon sa Kanyang tinig nang Kanyang tinawag sila. Paulit ulit na sila'y nagkasala laban sa Kanya. Kaya dito ngayon malinaw nating makikita ang habag at mapagmahal na kabutihan ng Diyos na hindi Niya hahatulan at papakitaan ng Kanyang kaluwalhatian sa unang beses na ang mga tao ay

lumabag sa Diyos, ngunit maghihintay Siya sa kanila at bibigyan sila ng pagkakataon na magsisi hanggang malinaw na sila'y hindi handa, sa gayon hahatulan Niya sila gaya ng ginawa Niya dito sa pangyayaring ito sa Mga Bilang 14.

"24 Kundi ang aking lingkod na si Caleb, sapagka't siya'y nagtaglay ng ibang diwa at siya'y sumunod na lubos sa akin, ay aking dadalhin siya sa lupain na kaniyang pinaroonan; at aariin ng kaniyang lahi." (Mga Bilang 14:24) Dito iniligtas Niya si Caleb at Josheu gaya ng ating mababasa rito, "38 Nguni't si Josue na anak ni Nun, at si Caleb na anak ni Jephone, ay naiwang buhay sa mga taong yaon na nagsiparoong tumiktik ng lupain." (Mga Bilang 14:38) Mula sa Kanyang papaparating na paghatol, dahil silay nag-ugali at kumilos gaya ng inaasahan ng Diyos at nais mula sa kanila na kumilos. Sila'y may iba't ibang espiritu, at pananampalataya; buong pagtitiwala at buong pusong sumunod sa Diyos at handang magpatuloy tumalima at sumunod sa Diyos.

"25 Ngayon nga'y ang mga Amalecita at ang mga Cananeo ay tumatahan sa libis: bukas ay magbalik kayo at kayo'y pasa ilang sa daang patungo sa Dagat na Mapula." (Mga Bilang 14:25) Ibinigay dito ng Diyos ang utos upang ipatupad ang Kanyang kapasyahan, bilang Siya ay nagsalita sa kanila upang mapasa ilang upang hindi Niya pahintulotan silang makapasok sa Lupang Pangako.

"26 At sinalita ng Panginoon kay Moises at kay Aaron, na sinasabi, 27Hanggang kailan titiisin ko ang masamang kapisanang ito, na naguupasala laban sa akin? Aking narinig ang mga pag-upasala ng mga anak ni Israel na kanilang inuupasala laban sa akin." (Mga Bilang 14:26-27) Dito binuksan ng Diyos kay Moises ang lahat ng Kanyang pagdadalamhati sa Kanyang puso na mayroon Siya sa Kanyang bayan at kung paanong sila'y nagreklamo at nagsalita ng masama laban sa Diyos, at ngayon walang ng pagtitiis sa ganoon, bagkus Kanya silang hahatulan.

"28 Sabihin mo sa kanila, Ako'y buhay, sabi ng Panginoon, tunay na kung paano ang sinalita ninyo sa aking pakinig ay gayon ang gagawin ko sa inyo:" (Mga Bilang 14:28) Sinalita ng Diyos kay Moises at sinabi sa kanya na ang kanyang ipinalangin at hiniling sa Diyos na gawin sa gayon ay iyon ang Kanyang gagawin nang naayon sa pagrereklamo ng mga tao, sapagka't kanilang hiniling na mamatay sa ilang, sa gayon hahayaan ng Diyos na sila'y mamatay sa ilang gaya ng kanilang hiniling at hindi hahayaang makapasok sa Lupang Pangako.

"29 Ang inyong mga bangkay ay mangabubuwal sa ilang na ito; at yaong lahat na nangabilang sa inyo ayon sa inyong kabuoan ng bilang, mula sa dalawang pung taong gulang na patanda na nag-upasala laban sa akin, 30 Ay tunay na hindi kayo papasok sa lupaing pinagtaasan ko ng aking kamay, na patatahanan ko sana sa inyo, maliban si Caleb na anak ni Jephone, at si Josue na anak ni Nun. 31 Nguni't ang inyong mga bata, na inyong sinabing magiging mga huli ay aking papapasukin, at kanilang makikilala ang lupain na inyong itinakuwil. 32 Nguni't tungkol sa inyo, ang inyong mga bangkay ay mangabubuwal sa ilang na ito. 33 At ang inyong mga anak ay magiging gala sa ilang na apat na pung taon, at kanilang tataglayin ang inyong pakikiapid, hanggang sa ang inyong mga bangkay ay matunaw sa ilang. 34 Ayon sa bilang ng mga araw na inyong itiniktik sa lupain, sa makatuwid baga'y apat na pung araw, sa bawa't araw ay isang taon, ay inyong tataglayin ang inyong mga kasamaan, na apat na pung taon, at inyong makikilala ang pagsira ko ng kapangakuan. 35 Akong Panginoon ang nagsalita, tunay na ito'y aking gagawin sa buong masamang kapisanang ito, na nagpipisan laban sa akin: sa ilang na ito matutunaw sila, at diyan sila mamamatay." (Mga Bilang 14:29-35) Ipinaliwanag dito ng Diyos kay Moises kung paanong sinagot Niya ang kanyang panalangin at ang kanilang masamang kahiligan, sa mga kabuoan ng bilang, mula sa dalawang pung taong gulang na patanda na nag-upasala laban sa akin, tinukso Siya ng makasampong beses at nagkasala laban sa Kanya, sila'y mamatay sa ilang, at ang kanilang mga bangkay ay mabubuwal sa ilang, sa loob ng apat na pung taon hanggang ang lahat sa kanila ay mamatay. Sila'y magpapatuloy na magpapagala gala at iikot sa desyerto hanggang silang lahat ay mamatay. Ngunit ang kanilang mga anak na wala pang dalawampung taon gulang na sinabi ng mga tao na sila'y dapat maging biktima, ang mga ito ang dadalhin ng Diyos sa Lupang Pangako, ngunit sila’y maghihirap na magpagala gala sa ilang sa loob ng apat na pung taon sa ilang at tiisin ang espirituwal na pakikiapid ng kanilang mga ama, hanggang ang kamatayan ng lahat ng kanilang mga ama at pagbubuwal ng kanilang mga katawan sa ilang. Apat na pung araw na sila'y naglaan ng paniniktik at pagsisiyasat sa lupain, kaya apat na pung taon sila'y magpapagala gala sa ilang; upang sila’y lahat ay hindi mamatay sa loob ng isang araw at ang bilang ng kapisanan ay hindi kumaunti sa bilang at malapit nang maubusan, ngunit ang bilang ng populasyon ay mapanatili hanggang ang lahat ng mga nasa edad ng dalawampu pataas na nag-umapsala laban sa Diyos ay mawala ng dahan dahan at mapalitan ng mga bata paparating na saling lahi.

"36 At ang mga lalake, na sinugo ni Moises upang tumiktik ng lupain, na nagsipagbalik, at nagpaupasala ng buong kapisanan laban sa kaniya sa paghahatid ng masamang balita laban sa lupain, 37 Sa makatuwid baga'y ang mga taong yaon na nagsipaghatid ng masamang balita ng lupain, ay nangamatay sa salot sa harap ng Panginoon." (Mga Bilang 14:36-37) Ngunit ang mga sampung mga pinuno na ipindala upang magsiyasat sa lupain at bumalik at nagsanhi sa kapisanan upang mawalan ng pagasa at nagreklamo laban kay Moises ang lingkod ng Diyos sa pagpapadala ng paninirang puri at maling balita tungkol sa lupain, na hindi nila kayang aariin sapagkat ang mga tao doon ay higanti, ang mga ito ay nangamatay sa pamamagitan ng isang salot. "38 Nguni't si Josue na anak ni Nun, at si Caleb na anak ni Jephone, ay naiwang buhay sa mga taong yaon na nagsiparoong tumiktik ng lupain." (Mga Bilang 14:38) Sapagka't sila ay nagdala ng mabuting balita at tumayo sa Diyos at sinuportahan sina Moises at Aaron. Kaya kailangan mo ring tumayo sa Diyos at suportahan ang mga namumuno ng simbahan na nangunguna sa kalooban at layunin ng Diyos.

"39 At sinaysay ni Moises ang mga salitang ito sa lahat ng mga anak ni Israel: at ang bayan ay tumaghoy na mainam. 40 At sila'y bumangong maaga sa kinaumagahan, at umakyat sila sa taluktok ng bundok, na sinasabi, Narito kami, at kami ay aakyat sa dakong ipinangako ng Panginoon: sapagka't kami ay nagkasala. 41 At sinabi ni Moises, Bakit sinasalangsang ninyo ngayon ang utos ng Panginoon, sa bagay ay hindi ninyo ikasusulong? 42 Huwag kayong umakyat, sapagka't ang Panginoon ay wala sa gitna ninyo; upang huwag kayong masaktan sa harap ng inyong mga kaaway. 43 Sapagka't nandoon ang mga Amalecita at ang mga Cananeo sa harap ninyo, at kayo'y mangabubuwal sa tabak: sapagka't kayo'y humiwalay sa pagsunod sa Panginoon, kaya't ang Panginoon ay wala sa inyo. 44

Nguni't sila'y nagpumilit umakyat sa taluktok ng bundok: gayon ma'y ang kaban ng tipan ng Panginoon, at si Moises ay hindi nagsilabas sa kampamento. 45 Nang magkagayon ang mga Amalecita ay bumaba at ang mga Cananeo na tumatahan sa bundok na yaon, ay sinaktan sila at nilupig silang hinabol, hanggang sa Horma." (Mga Bilang 14:39-45) Isinaysay ni Moises ang lahat ng iyon sa mga tao, na kanilang nadinig ang paghatol ng Diyos sa kanila sila'y nalungkot at nais nilang pumunta at kunin ang lupain at ariin ito, ngunit iyon ay huli na, at hindi isasaalang alang ng Diyos ang kanilang pagkilos na iyon sapagka't kanilang inabuso ang biyaya ng Diyos at ang Kanyang kahinahunan at ang Kanyang banayad na pagkagalit sa kanila at nanamantala kay Moises at kay Aaron na kanilang mga pinuno, alam nila na ang kanilang ginagawa ay masama, ngunit ngayon gusto nilang umalis at sumunod at ariiin ang lupain dahil sinabi sa kanila na hindi sila makakapasok sa Lupang Pangako. Sa gayon sila'y itinanggi sapagka't sila'y tumangging sumunod sa Diyos habang Siya'y naghihintay at tinatawag silang sumunod sa Kanya, si Moises at ang kaban ng tipan ng Diyos ay hindi humiwalay sa kampamento. Si Moises at ang mga Levita ay nanindigan sa Diyos sa pagpapahayag sa Kanyang paghatol sa mga tao.

Sa aking Mahal at Minamahal: Kapag ang mga tao ay nagkasala ito'y nagdudulot sa atin ng sakit at pamimighati, ngunit habang tayo'y nagpapatirapa, makakaya tayong pangunahan ng Banal na Espiritu para manalangin at mamagitan nang naaayon sa kalooban ng Diyos, at sa wakas ay naiintindihan din natin at malalaman at malulugod sa huling kapasyaha ng Diyos at upang dalawin ang mga kasalanan at pagkukulang mga tao.

Ngunit kung ipinaalam sa atin ng Kanyang paghatol kailangan nating manindigan sa Diyos at ipahayag ang Kanyang paghatol ng ganap sa mga taong matitigas ang ulo na tumangging sumunod, at patuloy na inaabuso ang biyaya at ang kaawaan ar ang banayad na pagkagalit ng Diyos.

* Sa paanan ng Panginoon, magpatirapa, tayo ay nasa tamang posisyon para harapin ang mga suliranin, upang harapin ang mga kahirapan, upang maunawaan ang nangyayari, upang tanggapin ang karunungan at ang direksyon mula sa Panginoon, para mamagitan, para manalangin, upang tanggapin ang mga himala, mga solusyon at probisyon ng Diyos at sumulong sa susunod na hakbang sa ating buhay. * Pag-isipan ang mensahe isalapat ang bagong mga bagay na iyong natutunan, at isagawa sa iyong buhay habang ikaw ay sumusulong sa iyong pananampalataya at lumakad at sa paglilingkod sa Diyos.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa lahat ng aking tinanggap at aking natutunan mula sa Iyong Salita.

Panginoon patawarin ang aking mga kasalanan at sa sumusunod na maling gawain:

Panginoon patawarin ang mga tao na gumawa ng masama laban sa iyo, ikaw ay maawain at banayad sa pagkagalit na Diyos, patawarin Panginoon at linisin ang iyong simbahan mula sa paggawa ng masama. "17 At ngayon, idinadalangin ko sa iyo, na itulot mo na ang kapangyarihan ng Panginoon ay maging dakila, ayon sa iyong sinalita, na sinasabi," (Mga Bilang 14:17) Panginoon hayaang ang iyong kaluwalhatian ay manaig, Panginoon isaalang alang ang laki ng bilang ng iyong simbahan, Panginoon isaalang-alang ang mga saysayin ng mga kaaway, Panginoon hayaang malaman ng lahat ng mga bansa na ikaw ang Makapangyarihang Diyos na gumagawa ng mga himala at mga kababalaghan.

Panginon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalake at Babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, Panginoon panumbalikin mo sila, pagpalain sila at pusposin sila ng Banal na Espiritu at patuloy na ituro sa kanila ang iyong mga daan upang sila'y maging epektibo na pumaroon at maglingkod sa iyo. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.

Panginoon pagpalain kami bilang simbahan, muli pusposin kami ng Banal na Espiritu at makaya naming makapagebanghelyo at abutin ang bagong mga lugar ng ebanghelyo ni Jesus at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong mga pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan sa Pagpaparami sa kapayapaan at Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos... Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com